

Modyul 2- Kita at Buwis

Activity Sheet 2-4

Ang Kuwento nina Maria at Fernando

Si Maria at ang asawa nitong si Fernando ay kapwa nagtrabaho bilang tagalinis sa isang malaking kumpanya sa gabi. Sila ay kinuha ng isang lalaking nagpapatakbo ng isang malaking kumpanya na tagapaglinis. Kapwa sila tumanggap ng tseke dalawang beses bawat buwan.

Ang Pebrero, ay ang panahon para gawin ang pagbabayad ng buwis para sa kanilang kinita ng nakaraang taon. Tinanong nila ang isang tao mula sa kumpanyang tagapaglinis para sa kanilang mga T4 slips. Kailangan nila ito upang ipakita sa kanilang mga tax return kung magkano ang perang kanilang naipadala na sa gobyerno para sa buwis ng kinita.

At sinabi ng taong iyon, “Hindi kayo mga empleyado. Kayo ay mga kontraktor.”

Ang nasabing lalaki ay hindi nagpadala ng bayad para sa kanilang buwis sa gobyerno. Sinabi nito, “Kayo ay may sariling negosyo.”

Si Maria at Fernando ay may kinita, subalit hindi sila nagbayad ng buwis sa kita. Hindi nila naisip na sila ay nagpapatakbo ng sariling negosyo, kaya hindi sila naglaan ng pambayad sa buwis.

Bukod dito, hindi sila nagtago ng kahit anong resibo ng kanilang mga gastusin. Kung walang mga resibo, hindi sila maaring makahingi ng mga kabawasang pang negosyo.

Kinailangan nilang gamitin ang kanilang mga naipon para bayaran ang buwis sa kanilang kita at CCP na utang sa gobyerno.

Sa iyong palagay, si Maria ba at si Fernando ay mga empleyado o sila ay mga kontraktor na may-ari ng sariling negosyo?

Ano ang dapat nilang tinatanggap mula sa kanilang pinaglilingkuran kung sila ay mga empleyado dito?

Kung sila ay patuloy na nagtatrabaho bilang mga kontratadong mga tagalinis, ano ang kanilang dapat na ginawa upang lalong maging handa sa panahon ng bayaran ng buwis sa susunod na taon?

Sino ang dapat kausapin nina Maria at Fernando kung mayroon silang mga katanungan?